

## **Iba't ibang Pananaw**

Susuriin ng mga kalahok ang tungkulin ng pananaw kapag sinusuri ang impormasyong nauugnay sa kanilang pagiging nakikita sa online o ang pagiging nakikita sa online ng iba. Makakakuha sila ng kaalaman tungkol sa mga may kaugnayang salik ayon sa konteksto (hal., oras, pangkultura, panlipunan, lokal / panlalawigan / pandaigdigan) na nakakaapekto sa pagiging nakikita sa online ng isang tao. Dagdag pa rito, isasaalang-alang ng mga kalahok ang mga iminumungkahi ng impormasyon na inilalagay nila sa online sa kanilang mga relasyon sa pamilya, mga kaibigan at mga awtoridad (hal., mga guro, mga employer).

## **Mga Mapagkukunan**

Rubin Vase Illusion  
Handout ng Social Media Profile ni Kassra

# Ano ang Pananaw?

## Part One

### Image Class Interaction

I-project ang larawan ng Rubin Vase Illusion sa isang projection screen. Habang nagtatanong, papuntahin ang mga kalahok at ipaturo kung aling larawan ang nakikita nila

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Ano ang nakikita mo kapag tinitignan ang larawang ito?

Ilan sa inyo ang nakakakita sa vase?

Ilan sa inyo ang nakakakita sa dalawang mukha?

Sabay ba ninyo itong nakikita pareho?

Ang nakikita mo ay depende sa iyong pananaw. Sa tingin mo ano ang pananaw?

### Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Isulat sa board ang mga kahulugan ng kalahok.

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ang pananaw ay partikular na saloobin sa isang bagay; pananaw.

## Part Two

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Narito ang isa pang halimbawa. Halimbawa, kakasali lang ng ating kaibigan na si Azul sa soccer team ng eskuwela. Noong sinabi niya ito sa kanyang nanay, sinabi niyang, "Nakapasok ako sa football team!" proud na proud sa kanya ang kanyang nanay.

Noong sinabi ni Azul sa kanyang matalik na kaibigan na si Raviv na nakapasok siya sa team, sinabi ni Raviv na tuwang-tuwa siya para kay Azul.

Sinabi rin ni Azul sa kanyang kaibigan na si Val na nakapasok siya sa football team. Gayunpaman, sinubukan din ito ni Val, pero nakuha ni Azul ang kanyang puwesto. Kaya hindi masaya si Val.

Miyembro rin si Azul ng science club, at ngayon kailangan niyang lumiban sa pagpunta sa mga science meeting para makapunta siya sa pagsasanay ng football. Noong sinabi niya ito kay Dani, ang presidente ng science club, hindi rin siya masaya para rito.

Parehong impormasyon ang nalaman ng lahat ng iba't ibang tao na ito sa buhay ni Azul: Nakapasok si Azul sa soccer team.

### **Tanungin ang Iyong Mga Estudyante**

Bakit iba-iba ang kanilang naging reaksyon?

Bakit mahalaga ang kanilang iba't ibang pananaw, at ang kanilang iba't ibang kaugnayan kay Azul?

Maaari ba kayong mag-isip ng anumang iba pang halimbawa kung paano maaaring maging iba rin ang pananaw ng iba't ibang tao tungkol sa parehong sitwasyon?

Bakit mahalaga ang pananaw?

# Thinking Caps

## Part One

### Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Hatiin ang mga kalahok sa grupo ng 3-4. Bigyan ang bawat grupo ng kaunting papel at mga pen o lapis.

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Bibigyan ko ng handout ang bawat grupo kasama ang gawa-gawang social media profile ni Kassra at isang slip ng papel. Nasa piraso ng papel ang pangalan ng isang tao sa buhay ni Kassra. Bilang isang grupo, isipin na tinitingnan mo ang social media profile na ito sa pamamagitan ng mga mata ng tao na nasa piraso ng papel. Sa tingin mo sino si Kassra? Anu-anong mga palagay ang maaari mong gawin? Ano ang gusto niya? Ano ang ayaw niya? Ano ang kinomentuhan niya? Ano ang iyong mga palagay tungkol kay Kassra, batay sa iyong pananaw? Mayroon kang sampung minuto. Maghandang mag-present sa pagtatapos!

Hilingin sa bawat grupo na mag-present.

Mga posibleng tungkulin/mga tao sa buhay ni Kassra:

1. Nanay ni Kassra na nababahala sa kaligtasan ng kanyang anak na lalaki.
2. Matalik na kaibigan ni Kassra na humahanga sa kanya.
3. Isang babae sa kalapit na paaralan, na hindi kilala si Kassra.
4. Guro ni Kassra.
5. Posibleng maging boss na gustong kunin si Kassra sa trabaho.

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Anu-ano ang ilan sa iba't ibang paraan na isinaalang-alang at sinuri mo si Kassra?

Sa tingin mo bakit umiiral ang mga pagkakaibang iyon?

Sa tingin mo ba tama ang lahat ng pagsusuring ito? Bakit/bakit hindi?

Maaari mo bang isipin ang mga panahon noong nangyari ito sa buhay mo — kailan nabigyan ng kahulugan ng iba't ibang tao ang parehong impormasyon sa iba't ibang paraan?

## **Tanungin ang Iyong Mga Estudyante**

Ilan sa inyo ang nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan sa inyong mga magulang/tagapag-alaga? Mga kaibigan?

Ilan sa inyo ang gumagamit ng mga social media platform? Iniisip mo ba ang pananaw ng ibang tao sa iyong mga social media profile?

Dinelete mo na ba ang nilalaman o inalis ang pag-tag sa sarili mo sa nilalaman na ibinahagi sa social media (hal., mga litrato, video, mga post na teksto)? Bakit?

# Mga Pagmumuni-muni sa Pananaw

## Part One

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Isipin ang iba't ibang paraan ng pagkakakilala sa iyo ng mga tao sa iyong buhay.

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Iba-iba ang iyong kinikilos sa iba't ibang tao? Nakikipag-usap ka ba sa iyong mga magulang / tagapag-alaga o mga guro sa parehong paraan ng pakikipag-usap mo sa iyong mga kaibigan? Bakit / bakit hindi?

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Lahat tayo ay medyo iba't ibang tao depende sa kung nasaan tayo at kung sino ang kasama natin.

Bilang bahagi ng aktibidad na ito, tatalakayin natin kung paano mo ipinapakita ang sarili mo sa online, lalo na sa social media, at kung ano ang palagay sa iyo ng iba sa iba't ibang paraan depende sa kanilang pananaw.

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Ipinapakita mo ba ang sarili mo sa online sa ibang paraan sa iba't ibang tao? Halimbawa, sa isang platform (hal., sa Facebook) maaari mong gamitin ang tunay mong pangalan, pero ginagamit mo ba ang tunay mong pangalan para sa lahat ng ginagawa mo sa Internet?

Anu-anong mga platform ang hindi mo palaging ginagamit ang tunay mong pangalan o mga platform na ginagamit mo nang hindi nagpapakilala? Bakit?

Sa tingin mo ba ang impormasyon na ibinahagi mo sa online tungkol sa sarili mo ay ipinapakita ang lahat ng tungkol sa kung sino ka? Sa tingin mo ba sinasabi ng iyong mga social media profile ang buong kuwento? Gusto mo bang sabihin nila ito?

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Paano ang magiging pananaw sa iyo ng mga tao kung mayroon lang silang access sa ilan sa iyong impormasyon? Halimbawa, magbabago ba ang pananaw ng iyong mga magulang / tagapag-alaga kung makikita nila ang lahat ng ginawa mo sa isang platform pero hindi ito makikita sa iba?

Pinapanatili mo bang pribado ang mga post mo? Bakit?

## **Tanungin ang Iyong Mga Estudyante**

Marami tayong napag-usapan tungkol sa pananaw ngayong araw na ito. Batay sa ating pag-uusap, ngayong araw na ito ano ang isang bagay na natutunan mo tungkol sa pananaw?

Ano ang isa pang paraan na nakakaapekto ang pananaw sa kung paano natin sinusuri ang impormasyon? Maaari ka bang magsabi ng kamakailan at bagong pangyayari kung saan may kaugnayan ito? Gaano kahalaga ang pananaw hindi lang sa ating mga personal na buhay, ngunit sa balita rin?

# Takdang Aralin

## Part One

### Assignment

Hilingin sa mga kalahok na:

1. Kumuha ng litrato/screenshot ng anumang post sa social media [hal., litrato, video o post na teksto] (hindi kailangan na sa kanila ito).
2. Tukuyin ang tatlong tungkulin na may kaugnayan sa post sa social media ng indibidwal (hal., kaibigan, miyembro ng pamilya, guro) at, para sa bawat tungkulin, sa isang maikling talata ilarawan kung ano ang magiging palagay ng indibidwal sa post na ito.

Sa huling 10 minuto, hatiin ang mga kalahok sa mga pares, at sabihin sa kanilang magbahagi sa kanilang kapareha ng kahit dalawang paraan na pinaniniwalaan nilang mahalaga ang pananaw sa konteksto ng post na pinili nila.